KAUTUSAN BLG. 7701

ISANG KAUTUSAN NA SUSUGAN ANG LINYA A AT B NG PARAPO AA, SEKSYON 1 NG KAUTUSAN BLG. 7516 SA PAMAMAGITAN NG PAGTATAKDA NG BAGONG HALAGA NG SINGILIN SA NEWS/MAGASIN STAND.

Ipinag-uutos ng Sangguniang Panglungsod ng Lungsod ng Maynila, na:

SEKSYON 1. Ang Linya A at B ng parapo AA, Seksyon 1 ng Kautusan Blg. 7516, ay dito sinususugan at basahin ng tulad ng sumusunod:

"Linya A - Pangunahing Uri - - - - - - - - - - - P200.00
Iyong News/Magasin stand sa loob ng hotel, restaurant at tindahan ng libro

"Linya B - Pangalawang Uri - - - - - - - - - - - P100.00
Iyong News/Magasin stand na nasa bangketa o panulukan ng dalawang kalsada at plaza, subalit sa kondisyon, ipatupad and sumusunod:

1) Kailangan ang layo sa boka y sendyo ay humigit kumulang ng hindi kukulangin sa 10 metro;

2) Kailangan ang agwat na pagkakalayo sa bawat isa ay 30 metro;

3) Kailangan ang layo sa kanto o panulukan ng dalawang kalsada ay 5 metro;

4) Kailangan ang lapad ng bangketa ay humigit kumulang sa 3½ hanggang 4 na metro;

5) Wala sino man maaring magmay-ari ng hihigit sa isang news/magasin stand;

6) Pahihintulutan na maaring panindang kalakal ay pahayagan, magasin, magasin teknikal, "pocket books": mga babasahin tulad ng komiks, " song hits" at iba pang babasahin, subalit, ang panindang "pocket books" ay hindi maaring lumabis sa ika-20% sa kalahatang total na paninda;

7) Mahigpit na ipatupad ang isinasaad ng Artikulo 201 ng "Revised Penal Code", Bilang 4, ang pagbibili, pamimigay, pagpapakita ng nilimbag, inukit, nililok, o panitikan malalaswa labag sa magandang asal. Sino man nahuli at matapos mapatunayan sa hukuman at nahatulan ay babawian ng pahintulot ng Punong Lungsod at hindi na muling bibigyan ng pagkakataon na muling makapagmay-ari ng news/magasin stand;

8) Ang pagkakayari ng news/magasin stand ay magkakapareho ang desenyo, ang sukat ng kitid ay 100 sentimetro, ang lapad ay 120 sentimetro at ang taas ay 200 sentimetro. Ang kulay ay sang-ayon

9) Walang makapagtitirik ng news/magasin stand sa harap ng sakayan o babaan ng sasakyan pampasahero;

10) Ang senyoridad ng pagkakamay-ari ay batay sa unang pagkakatala. Halimbawa, ang pagkakasalin sa ibang pangalan ay hindi sakop ng senyoridad;

11) Bago ipagkaloob ang pahintulot ng Punong Lungsod ay kailangan bayaran muna ang sumusunod;

a. Tanggapan ng Inhenyero
("Line & Grade")

b. Tanggapan ng Palinkuran Bayan
(Basura)

k. Tanggapan ng Kalusugan
(Inspeksyon Kalusugan)

d. Tanggapan ng Elektrisista
(Inspeksyon Elektrikal)

e. Tanggapan ng Ingat Yaman:
1. Buwis Panghanap-buhay
2. Buwis Munisipal
3. Bayad Konsesyon

Ang Ingat Yaman ng Lungsod ng Maynila ay kailangang magsumite sa Sangguniang Panlungsod ng Maynila ng taunang ulat kung magkano ang kanilang nakukulekta sa mga may-ari ng news/magasin stand.

SEKSYON 2. Ang Kautusan ito ay magkakabisa sa araw ng pagpapatibay.

Ipinasya ng Sangguniang Panlungsod ng Maynila ngayong ika-15, ng Hunyo, 1989.

Pinagtibay ng Punong Lungsod ng Maynila ngayong ika 1st ng July 1989.

PINAGTIBAY:

GEMILIANO C. LOPEZ, JR.
Punong Lungsod
Lungsod ng Maynila

ALBERTO A. DOMINGO
Pangulong Pro Tempore
at
Pansamantalang Tagapangulo
Sangguniang Panlungsod

PINATUNAYAN:

ALBERTO A. BERNARDO
Pansamantalang Kalihim
ng Punong Lungsod

MA. NYMPHA H. BELLO
Kalihim, Sangguniang Panlungsod

Panukala ni Kgg. Francisco G. Varona, Jr.

HCM:ega